# Pagpapawalang-bisa sa Patuloy na Pag-enroll sa Medicaid at CHIP:

2023

Toolkit na Pangkomunikasyon

## Drop-in na Artikulo

### Mahahalagang Pagbabagong Gagawin sa Kwalipikasyon ng [Pangalan ng Medicaid ng Estado o programa ng CHIP]

*Hatid ng Centers for Medicare & Medicaid Services*

Kasalukuyan ka bang mayroon o ang isang kapamilya mo ng pangkalusugang saklaw sa**Medicaid o sa Programa ng Segurong Pangkalusugan Para sa mga Bata (Children's Health Insurance Program, CHIP)**? Kung mayroon, kakailanganin mong gumawa ng mga hakbang para malaman kung puwede mong ipagpatuloy ang iyong saklaw. Di-magtatagal, ibabalik ng mga estado ang pagrerepaso ng kwalipikasyon sa Medicaid at CHIP. Nangangahulugan ito na maaaring mawala ang ilan sa programa ng Medicaid o CHIP. Gayunpaman, maaaring kwalipikado silang bumili ng planong pangkalusugan sa Health Insurance Marketplace®, at humingi ng tulong sa pagbabayad nito.

Ito ang ilang kailangan mong ihanda.

**Tiyaking updated ang address mo**

Tiyaking ang iyong **estado** ay may rekord ng kasalukuyan mong adres sa koreo, numero ng telepono, email, o iba pang impormasyon para makontak ka. Sa gayon, makokontak ka nila tungkol sa iyong saklaw sa Medicaid o CHIP.

**Tingnan kung may sulat ka**

Magpapadala ng liham ang estado mo tungkol sa iyong saklaw sa Medicaid o CHIP. Ipapaalam din sa iyo ng liham na ito kung kailangan mong kumpletuhin ang form ng renewal para makita kung kuwalipikado ka pa rin sa Medicaid o CHIP. Kung makatanggap ka ng form ng renewal, sagutan ito at ipadala agad sa iyong estado. Maaari itong makatulong sa iyo na maiwasan ang puwang sa iyong saklaw.

**Paano kung hindi ka kwalipikado sa Medicaid o CHIP?**

Kung ikaw o ang isang kapamilya mo ay hindi na kwalipikado sa Medicaid o CHIP, maaari kang **makabili ng planong pangkalusugan sa** Health Insurance Marketplace®. Ang mga plano sa Marketplace ay:

- Abot-kaya. 4 sa 5 aplikante ay nakakahanap ng mga plano na wala pang $10 kada buwan.
- Komprehensibo. Saklaw ng karamihan sa mga plano ang mga bagay na gaya ng resetang gamot, pagpapatingin sa doktor, agarang pangangalaga, pagpapatingin sa ospital, at iba pa.

Bisitahin ang **HealthCare.gov** para makita ang mga plano sa Marketplace at tingnan kung makakatipid ka sa bayarin. Kapag nag-apply ka, huwag kalimutang isama ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa pamilya mo, kita, at ang pinakabagong desisyon ng iyong estado tungkol sa iyong saklaw sa Medicaid o CHIP.

**Makakuha ng higit pang impormasyon**

- Makipag-ugnayan sa **opisina ng Medicaid sa iyong estado**o bisitahin ang **Medicaid.gov** para sa higit pang impormasyon tungkol sa renewal ng Medicaid o CHIP.
- Tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para malaman ang mga detalye tungkol sa saklaw ng Marketplace. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

# Drop-in Article (Yugto II)

## Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Mga Taong Nawawalan ng Pagsaklaw ng [Name of State Medicaid or CHIP program].

Sa nakalipas na ilang taon, pinahintulutan ang mga estado na pansamantalang ihinto ang mga pagsusuri sa pagiging kwalipikado para sa Medicaid at Children's Health Insurance Program (CHIP). Pinigilan nitong mawalan ng pagsaklaw na pangkalusugan ang mga tao sa pamamagitan ng [name of Medicaid or CHIP program]. Ngayong bumalik na sa normal na operasyon ang [state name], muli naming sinisimulan itong mga pagsusuri sa pagiging kwalipikado. Nangangahulugan ito na ang ilang matatanda at bata ay maaaring malapit nang mawalan ng kanilang pagsaklaw ng Medicaid o CHIP. Kung sasabihin namin sa iyo na nawalan ka o malapit nang mawalan ng pagsaklaw na pangkalusugan sa [name of Medicaid or CHIP program], narito ang ilang mahalagang bagay na dapat malaman:

1. **Puwede kang muling mag-apply para sa [name of Medicaid or CHIP program] anumang oras upang malaman kung kwalipikado ka para sa pagsaklaw.**

   Puwedeng magbago kung minsan ang mga alituntunin sa pagiging kwalipikado para sa [name of Medicaid or CHIP program]. Kung ang antas ng iyong kita o mga medikal na pangangailangan ay magbago, puwede kang muling mag-apply para sa [name of Medicaid or CHIP program] upang malaman kung kwalipikado ka na ngayon. Walang limitasyon sa kung ilang beses ka puwedeng mag-apply. Kung gusto mong muling mag-apply, bisitahin ang [insert Medicaid or CHIP program website] o tumawag sa [insert Medicaid or CHIP program phone number].

2. **Maaari kang makakuha ng mura at de-kalidad na pagsaklaw na pangkalusugan sa pamamagitan ng Health Insurance Marketplace®. Mag-enroll ngayon para sa pagsaklaw na magsisimula sa ika-1 ng susunod na buwan.**

   Kung nawalan ka ng pagsaklaw ng [name of Medicaid or CHIP] sa pagitan ng Marso 31, 2023 at Nobyembre 30, 2024, puwede kang magsumite o mag-update ng aplikasyon sa Marketplace anumang oras sa HealthCare.gov. Magkakaroon ka ng 60 araw pagkatapos noon para pumili ng plano. Ang mga plano sa marketplace ay:

   - **Abot-kaya.** Karamihan sa mga tao ay kuwalipikado para sa savings upang mapababa ang kanilang buwanang premium at kung ano ang kanilang binabayaran kapag nakakuha sila ng pangangalaga. Nakabatay ang savings sa kita at laki ng sambahayan.
   - **Komprehensibo.** Saklaw ng lahat ng plano ang mga pagbisita sa doktor, inireresetang gamot, pangangalagang pang-emergency, kalusugang pangkaisipan, ospital, at higit pa.
   - **Kombinyente.** Madali ang pag-enroll at maraming tao ang puwedeng mag-sign up para sa pagsaklaw na maaaring gawin sa iisang pagkakataon.

   Bisitahin ang HealthCare.gov para makahanap at makapag-enroll sa isang planong pangkalusugan, o tawagan ang Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-855-889-4325. Bisitahin ang **LocalHelp.HealthCare.gov** para humingi ng tulong sa taong mula sa iyong lugar. Ang serbisyong ito ay libre at makakatulong sa iyo na mas maunawaan ang iyong mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan.

3. **Alamin sa iyong employer ang tungkol sa pagsaklaw na nakabatay sa trabaho.**

   Maaaring mag-alok ang iyong employer ng insurance sa kalusugan. Kung mag-aalok sila, **alamin kung ano ang dapat piliin sa pagitan ng pagsaklaw na nakabatay sa trabaho o pagsaklaw sa Marketplace**.

4. **Maaari kang mag-sign up para sa Medicare nang hindi nagbabayad ng multa sa nahuling pag-enroll.**

   Kung kwalipikado ka na ngayon para sa Medicare, ngunit hindi nag-sign up para dito noong una kang naging kwalipikado, mayroon kang limitadong oras (tinatawag na “Espesyal na Panahon sa Pag-enroll”) upang mag-sign up nang hindi nagbabayad ng karaniwang multa sa nahuling pag-enroll. Ang iyong Espesyal na Panahon sa Pag-enroll ay magsisimula sa araw na maabisuhan kang matatapos na ang iyong pagsaklaw ng [name of Medicaid program]. Magpapatuloy ito sa loob ng 6 na buwan makalipas ang pagtatapos ng iyong pagsaklaw ng [name of Medicaid program]. Ang iyong pagsaklaw ng Medicare ay magsisimula sa buwang makalipas ang iyong pag-sign up, o sa petsang magtatapos ang iyong pagsaklaw ng [name of Medicaid program], alinman ang iyong pipiliin. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Espesyal na Panahon sa Pag-enroll na ito at kung paano mag-sign up para dito, bisitahin ang **Medicare.gov/basics/get-started-with-medicare/sign-up/when-does- medicare-coverage-start**. Puwede ka ring tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

# Pagpapawalang-bisa sa Patuloy na Pag-enroll sa Medicaid at CHIP:

Toolkit na Pangkomunikasyon

2023

## Nawawalan ng Medicaid o CHIP?



### 3 Mga bagay na dapat malaman

tungkol sa iyong mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan

Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, nagawang ihinto ng mga estado ang pagsusuri sa pagiging kwalipikado para sa Medicaid at Programa para sa Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata (Children's Health Insurance Program, CHIP), at hindi puwedeng mag-alis ng sinumang nakatala sa coverage na ito. Simula noong Pebrero 1, 2023, pinapayagan ang mga estado na muling simulan ang mga pagsusuring iyon. Nangangahulugan ito na maaaring mawalan ng coverage sa Medicaid o CHIP ang ilang nasa hustong gulang at bata.

**Kung sasabihin sa iyo ng iyong estado na nawalan ka o maaaring mawalan sa lalong madaling panahon ng coverage sa pangkalusugan sa pamamagitan ng Medicaid o CHIP, mayroon kang iba pang opsyon sa pangangalagang pangkalusugan. Narito ang 3 mahahalagang bagay na dapat malaman:**

1. **Maaari kang muling mag-apply para sa Medicaid o CHIP para malaman kung kwalipikado ka pa rin.**
   - Sa lahat ng estado, ang Medicaid at CHIP ay nag-aalok ng coverage sa pangkalusugan sa ilang taong may mababang kita, mga pamilya at bata, buntis na kababaihan, matatanda, at taong may mga kapansanan. Kung magbago ang antas ng iyong kita o mga medikal na pangangailangan, maaari kang maging kwalipikado para sa Medicaid o CHIP sa iyong estado.
   - Maaari kang mag-apply anumang oras, at walang limitasyon sa bilang ng beses na maaari kang mag-apply.
   - Para muling mag-apply sa Medicaid o CHIP, bisitahin ang Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu at hanapin ang iyong estado para sa mga susunod na hakbang.

2. **Maaari kang makakuha ng mura, de-kalidad na coverage sa pangkalusugan sa pamamagitan ng Health Insurance Marketplace®.**
   - Kwalipikado ang karamihan sa mga tao para sa pagtitipid sa isang planong pangkalusugan para pababain ang kanilang buwanang premium at kung ano ang kanilang binabayaran kapag nakakuha sila ng pangangalaga. Nakabatay ang pagtitipid sa kita at laki ng sambahayan.
   - Sinasaklaw ng lahat ng mga plano sa Marketplace ang mga pagpapatingin sa doktor, mga inireresetang gamot, pangangalaga sa emergency, kalusugan ng pag-iisip, mga pagpapa-ospital, at higit pa.
   - Bisitahin ang HealthCare.gov para maghanap at magpatala sa isang planong pangkalusugan, o tumawag sa Sentro ng Pagtawag ng Marketplace sa 1-800-318-2596. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-855-889-4325.
   - Magsumite ng bago o na-update na aplikasyon sa Marketplace para makita kung ikaw (o iba pang miyembro ng iyong sambahayan) ay kwalipikadong magpatala sa isang plano ng Marketplace at makakuha ng tulong sa mga gastos.

3. **Maaari kang mag-sign up para sa Medicare nang hindi nagbabayad ng multa sa huling pagpapatala.**
   - Kung kwalipikado ka na ngayon para sa Medicare, ngunit hindi nag-sign up para dito noong una kang naging kwalipikado, mayroon kang limitadong oras (tinatawag na "Espesyal na Panahon ng Pagpapatala") upang mag-sign up nang hindi nagbabayad ng karaniwang multa.
   - Magsisimula ang iyong Espesyal na Panahon ng Pagpapatala sa araw na ipaalam sa iyo ng iyong estado na magtatapos na ang iyong coverage sa Medicaid, at magpapatuloy sa loob ng 6 na buwan pagkatapos magtapos ang iyong coverage sa Medicaid.
   - Para mag-sign up sa Medicare sa panahon ng Espesyal na Panahon ng Pagpapatalang ito, punan ang form ng CMS-10797 at i-mail o i-fax ito sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security. Maaari ka ring tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-325-0778.
   - Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang Medicare.gov o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

### Kailangan ng karagdagang tulong?

**Bisitahin ang LocalHelp.HealthCare.gov para makakuha ng tulong mula sa isang tao sa iyong lugar.**
**Libre ang serbisyong ito at makakatulong sa iyo na mas maunawaan ang iyong mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan.**

CMS Product No. CMS 12176-T (Tagalog)
February 2023

This product was produced at U.S. taxpayer expense.
Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services

# Nawawalan ng Medicaid o CHIP?

Maaari kang makakuha ng **mura, de-kalidad na coverage sa pangkalusugan** sa pamamagitan ng

**Health Insurance Marketplace**



- **Karamihan sa mga tao ay makakahanap ng plano sa $10 o mas mababa bawat buwan kalakip ang tulong sa pananalapi.**
- **Sinasaklaw ng mga planong pangkalusugan ang mga pagpapatingin sa doktor, mga inireresetang gamot, pang-emergency na pangangalaga, at higit pa.**
- **Magpatala ngayon para sa coverage simula sa ika-1 ng susunod na buwan.**

I-scan ang QR code para matuto pa

o bisitahin ang:

**HealthCare.gov/ medicaid-chip/transfer-to-marketplace/**

Bumisita **HealthCare**.gov para malaman ang tungkol sa iyong mga opsyon sa coverage sa pangkalusugan, o tumawag sa Sentro ng Pagtawag ng Marketplace sa 1-800-318-2596. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-855-889-4325.

CMS Product No. 12178-T (Tagalog)
February 2023
This product was produced at U.S. taxpayer expense.
Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services